

## Mga botanteng may mga Kapansanan

---

*Hulyo 2016, Pub. #5412.08*

Mahigit sa 35 milyong Amerikano ang may mga kapansanan na karapat-dapat na bumoto. Ngunit 15 milyon ang talagang bumoboto. Nangangahulugan iyon na 20 milyong tao na may mga kapansanan ay **hindi** bumoboto. Ang kanilang mga boto ay maaaring magkaroon nang malaking epekto sa kung sino ang mahahalal at sa mga patakaran na nakaaapekto sa mga tao na may mga kapansanan. Ang ilang eleksyon ay sobrang hindi nagkakalayo. Nabibilang ang bawat boto.

Ang iyong boto ay magpapasya kung sino ang mailalagay sa opisina. Ang pagboto ay ang iyong pagkakataon para sabihan ang mga nahalal na opisyal kung ano ang mahahalagang isyu at proyekto sa iyo. Nabibilang ang iyong boto! Mahalaga ang iyong boto!

Sasabihin sa iyo ng booklet na ito ang tungkol sa:

- Mga batas na Pumoprotekta sa mga Botanteng may mga Kapansanan
- Paanong Magparehistro para Bumoto
- Mga materyales sa Pagboto Para Tulungan Kang Bumoto
- Paanong Bumoto
- Ano ang maaaring gawin ng Disability Rights California para Matulungan Ka

# Talaan ng Nilalaman

Mga batas ng Pederal at Estado na Pumoprotekta sa mga Botante na may mga Kapansanan.....	3
Magparehistro para Bumoto.....	6
Mga materyales sa Pagboto Para Tulungan Kang Bumoto.....	11
Paanong Bumoto .....	13
Vote-By-Mail Ballot (Pagboto na Vote-By-Mail).....	16
Mga karaniwang Katanungan .....	17
Mga opisyal ng mga Eleksyon, ng County .....	18

# Mga batas ng Pederal at Estado na Pumoprotekta sa mga Botante na may mga Kapansanan

May karapatan kang bumoto sa isang lugar na napupuntahan. Mayroon ka ring karapatan sa isang lihim at madaling gamiting paraan para bumoto. Pinoprotektahan ng mga batas ng Pederal at California ang iyong karapatan na bumoto.

## *Mga batas ng Pederal*

Ang mga batas ng pederal na pumoprotekta sa mga botante na may mga kapansanan ay:

### *Help America Vote Act (HAVA)*

HAVA, ang Help America Vote Act ng 2002, ang nagtatakda ng mga tuntunin para sa mga sistema ng pagboto sa mga eleksyong pederal. Kabilang sa mga tuntunin na ito ang pagsiguro na napupuntahan ang mga sistema sa pagboto para sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang **napupuntahan** ay nangangahulugan na ang sistema sa pagboto ay madaling gamitin nang pribado at nang malaya.

Sinasabi ng HAVA na:

- Sa Enero 1, 2006, ang bawat presinto ay dapat magkaroon nang kahit isang makinang pangboto o sistema na magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan. Kabilang dito ang bulag at mahinang paningin na mga botante.
- Ang bawat botante ay dapat makaboto nang palihim at siyang mag-isa lang.
- Ang mga gobyerno ng estado at lokal ay maaaring makakuha ng kaloob na pera para makatulong gawing napupuntahan ang mga lugar ng botohan.
- Ang mga opisyal ng eleksyon ang mga trabahador ng botohan ay sasanayin para tulungan ang mga botante na may mga kapansanan.

*42 USC § 15301, et seq.*

## ***Americans with Disabilities Act (ADA) ng 1990***

Ang ADA ay isang batas na sinasabi na ang mga empleyado, gobyerno ng estado at lokal, at mga pampublikong lugar ay hindi ka maaaring diskriminahin laban sa iyo dahil sa iyong kapansanan.

Dapat kang makapagparehistro at bumoto. Dapat mayroong mga lugar ng botohan ang iyong county na napupuntahan mo. Ang mga lugar na napupuntahan ay nangangahulugan na parking, mga landas papunta sa mga lugar ng botohan, mga pasukan, labasan at mga lugar ng botohan na madali para sa iyo na gamitin.

*42 USC § 12101, et seq.*

## ***National Voter Registration Act (NVRA o “Motor Voter Act”) ng 1993***

Ginagawang mas madali ito ng NVRA para sa iyo para makapagparehistro para bumoto dahil maaari kang magparehistro sa:

- Anumang opisina ng estado na nagkakaloob ng pampublikong tulong
- Anumang programang pinopondohan ng estado na nagsisilbi sa mga tao na may mga kapansanan

Ang mga ahensya na ito ay lahat mayroong mga form sa pagrerehistro ng botante. At matutulungan ka nila na punan ang mga iyon at i-mail ang mga iyon.

*42 USC § 1973 (gg), et seq.*

## ***Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act (VAEHA) ng 1984***

Sinasabi ng VAEHA na ang mga lugar ng botohan para sa mga eleksyong pederal ay dapat maging napupuntahan mo. Dapat kang tulungang magparehistro ng mga estado at bumoto. Dapat mong magawang makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng TDD/TTY. Kung walang nakalaang napupuntahang lugar ng botohan, dapat kang mabigyan ng ibang paraan para bumoto.

*42 USC § 1973 (ee), et seq.*

## ***Mga pamantayang Pederal para sa mga Sistema ng Elektronikong Pagboto***

Noong 2002, sinabi ng Federal Election Commission (FEC) na ang lahat ng sistema sa pagboto ay dapat napupuntahan ng mga botante na may mga kapansanan.

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga pamantayan na ito, tingnan ang:  
[www.fec.gov](http://www.fec.gov)

## ***Mga batas ng Estado ng California***

Ang mga batas na pumoprotekta sa mga botante na may mga kapansanan ay:

### ***Ang Saligang-Batas ng California***

Sinasabi ng Saligang-Batas ng California na ang pagboto ay dapat maisagawa nang lihim.

*California Constitution, Art. II § 7*

### ***Accessible Voting Technology Act (AVTA) ng 2002***

Sinasabi ng AVTA na ang mga botanteng bulag at mahina ang paningin ay may karapatang bumoto nang hindi "tinutulungan".

Sinasabi ng batas na dapat kang:

- Makagamit, makapili, at maglipat ng datos at magawa ang mga kontrol ng sistema sa pagboto.
- Magkaroon ng parehong paggamit sa pagboto at teknolohiya bilang mga botante na hindi bulag o mahina ang paningin.
- Magkaroon ng paggamit sa kahit 1 nagagamit na yunit sa pagboto sa iyong lugar ng botohan.

*California Elections Code § 19225, et seq.*

### ***Proposition 41***

Ang Proposition 41 ay naipasa ng mga botante noong 2002. Sinasabi nito na maaaring makakuha ang mga county nang ilang pera ("matching funds") mula sa estado kapag bumili sila na mga bagong sistema sa pagboto. Sine-set up din ng Proposition 41 ang Voting Modernization Board.

*California Elections Code § 19230, et seq.*

# Magparehistro para Bumoto

## *Sino ang maaaring bumoto?*

Maaari kang magparehistro para bumoto kung ikaw ay:

- Isang mamamayan ng U.S.,
- Isang residente ng California,
- Hindi bababa sa 18 taong gulang,
- Hindi nakakulong o naka-parole para sa isang nahatulan ng kasalanan, at
- Hindi napatunayan ng isang korte na "Not Guilty by Reason of Insanity," "Incompetent to Stand Trial," isang "Mentally Disordered Sex Offender," o isang "Mentally Disordered Prisoner." Bilang karagdagan, ang ilang ibang indibidwal sa conservatorship ay maaaring maging hindi karapat-dapat kung mapatunayan ng isang korte na ang tao na iyon ay hindi makapagpapahiwatig ng pagnanais na makilahok sa proseso ng pagboto at tiyakang inaalis ng korte ang karapatan na bumoto sa mga papel ng conservatorship.

## *Paano magparehistro*

Kung matutugunan mo ang mga kinakailangan na ito, maaari kang makakuha ng form sa pagpaparehistro ng botante at punan ito. Ibalik ito sa iyong County Elections Office o sa Secretary of State. Maaari mo itong i-mail nang libre.

Dapat mong ilagay ang mga bagay na ito sa form ng pagpaparehistro:

- Ang iyong pangalan:
- Isang mailing address. Kung wala kang tirahan, maglagay ng address kung saan ka maaaring makakuha ng mail. Ang address na ito ay maaaring ang post office, bahay ng isang kaibigan o kamag-anak, isang shelter ng walang tirahan o ahensya ng social service.
- Isang address ng tinitirahan. Kinakailangan ang impormasyon na ito para maitalaga ang lugar ng iyong botohan (kung saan ka boboto). Maaari kang maglagay ng intersection ng kalye kung wala kang tirahan.
- Isang driver's license ng California o ID card number ng California. Kung wala kang driver's license o ID, gamitin ang huling apat na digit ng iyong Social Security number.
- Dapat mong lagdaan ang form at sumpaan ang lahat ng impormasyon na nakalagay dito ay tama.

Makatatanggap ka ng Voter Notification Card sa mail nang mga 2 linggo pagkatapos mong magparehistro. Siguraduhin na tama ang impormasyon. Ipaalam sa Opisina ng mga Eleksyon kung may isang bagay na mali sa card.

### ***Saan makakukuha ng form sa pagpaparehistro***

Maraming paraan para kumuha ng form sa pagpaparehistro.

- Tumawag sa [1-800-345-VOTE \(8683\)](tel:1-800-345-VOTE) (boses o TDD/TTY). Hilingan sila ang mag-mail sa iyo ng form.
- Kontakin ang Opisina ng mga Eleksyon ng iyong County. Tingnan ang pahina 14.
- Kunin ang form sa:
  - Library
  - Department of Motor Vehicles (DMV)
  - Post Office
  - County Mental Health Agency
  - Opisina ng Disability Rights California
  - County o City Clerk Offices
  - Sentrong Pangrehiyon
- Magparehistro sa on-line sa website ng Secretary of State: [www.sos.ca.gov/](http://www.sos.ca.gov/) Mag-cick sa “Pagpaparehistro ng Botante.”
- I-download ang form mula sa website ng Secretary of State sa [Registertovote.ca.gov](http://Registertovote.ca.gov). Punan ito at i-mail ito sa:

Secretary of State  
1500 11<sup>th</sup> Street  
Sacramento, CA 95814

## ***Kailan magpaparehistro***

Sa California, dapat kang magparehistro para bumoto nang hindi bababa sa 15 araw bago sa Araw ng Eleksyon.

## ***Kailangan bang magparehistro akong muli?***

Kailangan mo **lang** magparehistrong muli kung ikaw ay:

- Lilipat,
- Magpapalit ng pangalan,
- Magpapalit ng iyong partidong politikal,
- Nabawi ang iyong karapatang bumoto pagkatapos makalabas sa kulungan o nakakuha ng parole para sa isang kasalanan, o
- Nabawi ang iyong karapatan na bumoto pagkatapos makalabas sa isang conservatorship na sinususpende ang iyong karapatan na bumoto.

## ***Kailangan ng tulong sa pagpaparehistro ng botante?***

Makahihingi ka ng tulong sa pagpaparehistro ng botante sa Opisina ng Secretary of State, DDS Regional Centers, County Mental Health Agencies, at Disability Rights California. Ang impormasyon ng kanilang kontak ay nakalista sa ibaba.



## ***Opisina ng Secretary of State***

Para sa mga katanungan o tulong sa pagpaparehistro ng botante, tumawag sa alinman sa mga numerong ito:

English:	1-800-345-VOTE (8683) – boses o TTD/TTY
Spanish:	1-800-232-VOTA (8682)
Chinese:	1-800-339-2857
Vietnamese:	1-800-339-8163
Japanese:	1-800-339-2865
Tagalog:	1-800-339-2957
Korean:	1-866-575-1558

## ***Mga sentrong Pangrehiyon ng DDS***

Sinasabi ng batas na dapat kang bigyan ng California Department of Developmental Services (DDS) ng impormasyon at tulongan ka sa pagpaparehistro ng botante. Ang DDS ay may 21 sentrong pangrehiyon sa California. Maaari kang tulongan ng iyong lokal na sentrong pangrehiyon.

Para sa higit na impormasyon, basahin ang:

- Sentrong Pangrehiyon: Responsibilidad para Tulungan ang mga Kliyente ng Sentrong Pangrehiyon sa Pagpaparehistro ng Botante
- Pagpaparehistro ng Botante para sa mga Kliyente ng Sentrong Pangrehiyon

Maaari mong makuha ang mga lathala na ito mula sa Disability Rights California sa: **[www.disabilityrightsca.org](http://www.disabilityrightsca.org)**;

o tawagan ang Disability Rights California. Tingnan ang pahina 7 para sa isang opisina na malapit sa iyo.

## ***Mga ahensya sa Kalusugan Hinggil sa Pag-iisip ng County***

Ang lahat ng programang pinopondohan ng estado na nagsisilbi sa mga taong may mga kapansanan ay dapat mayroong mga serbisyo sa pagpaparehistro ng botante. Kabilang dito ang mga ahensya sa kalusugan hinggil sa pag-iisip ng county at mga ospital ng estado.

Para sa higit na impormasyon, basahin ang:

- “Karapatang Bumoto Kapag Ikaw ay nasa isang Fasilidad o Ilalim ng Conservatorship”

Maaari mong makuha ang lathala na ito mula sa Disability Rights California sa:

**[www.disabilityrightsca.org](http://www.disabilityrightsca.org)**;

o tawagan ang Disability Rights California. Tingnan sa ibaba para sa isang opisina na malapit sa iyo.

### ***Mga opisina ng Disability Rights California***

1831 K Street, Sacramento, CA 95811

Telepono: 916-504-5800 / Fax: 916-504-5801 / TTY: 800-719-5798

350 S. Bixel Street, Suite 290, Los Angeles, CA 90010

Telepono: 213-213-8000 / Fax: 213-213-8001 / TTY: 800-781-4546

1330 Broadway, Suite 500, Oakland, CA 94612

Telepono: 510-267-1200 / Fax: 510-267-1201 / TTY: 800-641-0154

1111 Sixth Avenue, Suite 200, San Diego, CA 92101

Telepono: 619-239-7861 / Fax: 619-239-7906 / TTY: 800-576-9569

# Mga materyales sa Pagboto Para Tulungan Kang Bumoto

## *Sampol na Balota at mga Pulyeto ng Balota ng California*

Mga 6 na linggo bago sa Araw ng Eleksyon, ime-mail sa iyo ng Opisina ng mga Eleksyon ng County ang Sampol na Balota. Mayroon itong impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga isyu na nasa balota. Makatatanggap ka rin ng Pulyeto ng Balota ng California na may maraming impormasyon.

Kung magpaparehistro ka na malapit sa eleksyon, (15-29 araw bago), maaaring wala nang panahon para i-mail ang mga materyales na ito. Makatatanggap ka ng post card sa mail na sinasabi na nagparehistro ka. Maaari mong makuha ang Pulyeto ng Balota sa library o sa online sa:

<http://www.voterguide.sos.ca.gov/en/pdf/>

## *Paano kung may problema ako sa pagtingin, pagbasa o pag-unawa sa Ingles?*

Maaari kang makakuha ng bersyon na audio cassette o compact disc ng Pulyeto ng Balota. Nakalaan ito nang libre sa:

- Library
- Braille Institute
- Opisina ng mga Eleksyon ng County
- Website ng Secretary of State:  
[http://www.voterguide.sos.ca.gov/en/alt-versions/audio/Secretary of State's Office:](http://www.voterguide.sos.ca.gov/en/alt-versions/audio/Secretary%20of%20State's%20Office)  
[1-800-345-VOTE](tel:1-800-345-VOTE) (8683) (boses o TDD/TTY)

Maaari ka rin mag-download ng bersyon na audio nang direkta mula sa website ng Opisina ng Secretary of State:

-<http://www.voterguide.sos.ca.gov/en/audio/>

## *Hindi-Ingles na Mga pulyeto ng Balota*

Maaari kang makakuha ng mga pulyeto ng balota sa mga wika bukod sa Ingles.

Kontakin ang Opisina ng iyong mga Eleksyon ng County para tanungin kung anong mga wika mayroon ang county.

Nakalaan ang mga pulyeto ng balota ng California sa Ingles, Spanish, Chinese, Japanese, Korean, Tagalog at Vietnamese. Maaari mong makuha ang mga balotang ito nang online sa:

<http://voterguide.sos.ca.gov/>

## ***Easy Voter Guide (Madaling Gabay sa Botante)***

Maaari ka rin makakuha ng ***Easy Voter Guide***. Bibigyan ka ng booklet na ito nang malinaw at madaling basahing impormasyon tungkol sa iyong balota at pagboto ng California. Makukuha ito sa Ingles, o ibang wika, sa tape at sa malaking print.

Ang Easy Voter Guide ay may:

- Mga pahayag mula sa bawat partidong politikal
- Mga pahayag at larawan ng mga kandidato
- Mga paliwanag ng mga hakbang ng balota (mga Proposition)
- Impormasyon tungkol sa pagrerehistro at pagboto

Para makuha ang ***Easy Voter Guide***:

- I-download ang Gabay sa [www.easyvoter.org](http://www.easyvoter.org). Madaling basahin ito sa screen.
- Kunin ang isang libreng kopya sa library.
- Kontakin ang Opisina ng mga Eleksyon ng iyong County.
- Maaari mo rin makuha ang Gabay sa audiotape o malaking print. Kontakin ang:

Easy Voter Guide

League of Women Voters of California

801 12<sup>th</sup> Street, Suite 220

Tel: 916-442-7215 (bores lamang, walang TDD/TTY)

## **Paanong Bumoto**

### ***Saan ako boboto?***

Boboto ka sa lugar ng iyong botohan. Bukas ito mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Tignan ang iyong Sampol ng Balota o ang postcard na nai-mail sa iyo na sinasabi na nagparehistro ka. Sasabihin nito sa iyo kung saan boboto.

### ***Napupuntahan ba ang lugar ng aking botohan?***

Maaari. Hanapin ang asul na simbolo ng wheelchair sa likod ng pahina ng iyong Sampol na Balota. Kung mayroong asul na simbolo ng wheelchair, kung gayon ang iyong lugar ng botohan ay dapat na maging ***napupuntahan***.

Ayon sa batas, ang bawat estado ay dapat mayroong mga gabay tungkol sa mga lugar ng botohan na napupuntahan. Makahahapan ka ng checklist para sa mga lugar ng botohan na hinanda ng U. S. Department of Justice sa:

[www.usdoj.gov/crt/ada/votingck.htm](http://www.usdoj.gov/crt/ada/votingck.htm)

Ang Secretary of State ay mayroong isang **Polling Place Accessibility Checklist** para sa California. I-download ang checklist mula sa:

<http://www.ss.ca.gov/elections/additional-elections-information/publications-and-resources/polling-place-accessibility-guidelines/polling-place-accessibility-checklist/>

o, hilingan ang Opisina ng Secretary of State na mag-mail sa iyo ng kopya:

**1-800-345-VOTE (8683)** – boses o TDD/TTY

Ang mga lugar ng botohan na napupuntahan ay may:

- Nakamarkang napupuntahang parking malapit sa pasukan
- Isang maaliwalas na landas mula sa lugar ng parking hanggang sa lugar ng botohan
- Mga pinto na malalapad at madaling buksan
- Ang mga materyales ng eleksyon at mga karatula ay nasa malaking print
- Mga trabahador ng botohan para tulungan ka at sagutin ang iyong mga katanungan

Kung hindi napupuntahan ang lugar ng iyong botohan o hindi ka makapunta sa lugar ng botohan, maaari kang:

- Bumoto sa pamamagitan ng Absentee Ballot bago ang eleksyon.
- Humiling na bumoto sa isang napupuntahang lugar ng botohan na malapit sa iyo.
- Gamitin ang “Pagboto sa Gilid ng Bangketa”. Kung hindi ka makapupunta sa lugar ng botohan, maghahatid ang isang trabahador ng botohan ng balota sa iyo sa gilid ng bangketa o sa iyong sasakyan.
- Tawagan ang Opisina ng mga Eleksyon ng County o Disability Rights California kung may mga katanungan ka.

### ***Sa Kubol ng Botohan***

Kahit na napupuntahan ang lugar ng botohan, ang sistema ng iyong pagboto ay maaaring hindi. Ang bawat lugar ng botohan ay dapat mayroong nang kahit isang napupuntahang makina sa pagboto.

Mayroon ka ring karapatan sa isang lihim at madaling gamiting paraan para bumoto. Karamihan sa mga lugar ng botohan ay magkakaroon ng mga bagay na ito para tulungan ka:

- Isang ibabaw ng mesa ng kubol ng botohan (para makapunta ang wheelchair)
- Mga tagubilin ng braille at malaking print
- Isang pampalaki ng papel
- Mga larawan para makatulong ipaliwanag ang sistema sa pagboto
- Isang pangmarka ng balota na madaling gamitin

### ***Maaari ba akong tulungan ng ibang tao na bumoto?***

Oo. Magagawa mo:

- Pumili ng 1 o 2 tao para tulungan ka sa kubol ng botohan. Ngunit, hindi mo maaaring piliin ang iyong employer o opisyal ng unyon.
- Hilingan ang isang trabahador ng botohan na tulungan ka. Ngunit, hindi ka dapat nila maimpluwensyahan, at hindi nila maaaring sabihin kaninuman kung paano ka bumoto.
- Hilingan ang isang interpreter ng sign language na tulungan ka. Maaari mong isama ang sarili mong interpreter o tawagan ang Opisina ng mga Eleksyon ng County bago ang eleksyon para humiling ng interpreter ng ASL.

Maaari mo rin dalhin ang iyong serbisyong hayop sa lugar ng botohan sa kubol ng botohan.

# Vote-By-Mail Ballot (Pagboto na Vote-By-Mail)

Pahihintulutan kang bumoto ng Pagboto na Vote-By-Mail sa pamamagitan ng mail. Ngunit dapat kang mag-apply para sa isang pagboto na Vote-By-Mail nang hindi bababa sa 7 araw **bago** sa susunod na eleksyon. Ang iyong mga pulyeto ng Sampol ng Balota ay may aplikasyon. O maaari mong kontakin ang Opisina ng iyong mga Eleksyon ng County. Tingnan ang pahina 14.

I-mail ang iyong pagboto na Vote-By-Mail o ihulog ito sa Opisina ng mga Eleksyon ng County o sa anumang lugar ng botohan sa county kung saan ka nakarehistro para bumoto.

Kung ime-mail, dapat itong paunang mamarkahan sa Araw ng Eleksyon at dumating nang hindi lalampas nang tatlong araw pagkatapos ng eleksyon. Kung mahuli ito, hindi ito mabibilang. Ang mga pagboto na Vote-By-Mail ay maaaring personal na ihulog hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon

## ***Kailangan ko bang mag-apply para sa isang pagboto na Vote-By-Mail bago sa bawat eleksyon?***

Oo, maliban lang kung mag-a-apply ka para sa Permanenteng Katayuan na Vote-By-Mail. Ang Permanenteng Katayuan ay nangangahulugan ng pagboto na Vote-By-Mail ay awtomatikong maipadadala sa iyo bago sa bawat eleksyon. Ngunit kung hindi ka boboto sa isang eleksyon, maaalis ka sa permanenteng listahan. Para makabalik sa listahan, dapat kang mag-apply muli.

Para mag-apply para sa Permanenteng Katayuan, gamitin ang aplikasyon sa iyong Sampol na Balota, o tawagan ang Opisina ng iyong mga Eleksyon ng County.

## ***Paano kung mawala ko ang aking pagboto na Vote-By-Mail o nakalimutan na i-mail ito sa tamang panahon?***

Kung mawawala mo ang iyong pagboto na Vote-By-Mail, maaari kang bumoto sa pamamagitan ng Probisyonal na Pagboto sa Araw ng Eleksyon sa lugar ng iyong botohan. O humiling ng isang bago sa Araw ng Eleksyon, sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina ng mga Eleksyon ng County.

Kung hindi mo nai-mail ang iyong balota sa oras, siguraduhin na punan ang lahat ng impormasyon na nasa balota at sa panlabas na sobre. Pagkatapos, sa Araw ng Eleksyon ikaw o isang tao na pinili mo ay maaari itong dalhin sa alinmang lugar ng botohan na county kung saan ka nakarehistro para bumoto.



# Mga karaniwang Katanungan

## *Maaari ba akong matulungan ng Disability Rights California?*

Oo. Sinasabi ng HAVA na dapat siguraduhin ng Disability Rights California na magagamit mo ang iyong karapatan para bumoto.

Kung pakiramadam mong nadiskrimina ka dahil sa iyong kapansanan, o kung sapalagay mong may nalabag na anumang batas sa pagboto, kontakin ang Disability Rights California. Para sa impormasyon ng kontak ng Disability Rights California, tingnan ang pahina 7.

## *Ano ang Probisyonal na Pagboto?*

Kung hindi matutukoy ng trabahador ng botohan na ikaw ay wastong nairehistro, hihilingan ka nila na punan ang isang “probisyonal” na balota. Ang iyong probisyonal na balota ay mailalagay sa isang espesyal na balota sa kahon ng balota. Pagkatapos, titingnan ng Opisina ng mga Eleksyon ng County ang iyong pagpaparehistro at sisiguraduhin na karapat-dapat ka para bumoto. Kung karapat-dapat ka, ibibilang nila ang iyong boto.

Bibigyan ka ng trabahador ng botohan ng resibo. Maaari mong tawagan ang numero ng telepono na nasa resibo para malaman kung naibilang ang iyong boto.

## *Paano kung mailalagay ako sa ospital sa o bago lang sa Araw ng Eleksyon?*

Maaari ka pa rin bumoto. Humingi para sa isang **Emergency Absentee o Hospitalized Voter Ballot**. Tawagan ang Opisina ng mga Eleksyon ng County para sa isang aplikasyon. Pagkatapos, magpadala ng isang tao sa Opisina ng mga Eleksyon ng County para kunin ang iyong absentee ballot. Pagkatapos mong bumoto, maaari nilang ibalik ang balota sa lugar ng botohan.

## *Paano kung magkamali ako sa aking balota?*

Ibalik ang iyong balota sa trabahador ng botohan. Bibigyan ka nila ng isang bago. Maaari kang makakuha nang hanggang tatlong balota. Ngunit hindi ka makakakuha ng bagong balota kung ilalagay mo ang balota sa kahon ng balota. Kung magkakaproblema ka sa kagamitan ng botohan, hilingan ang isang trabahador ng botohan para tulungan ka.

# Mga opisyal ng mga Eleksyon, ng County

## **Alameda**

(510) 267-6933

[www.acgov.org/](http://www.acgov.org/)

## **Alpine**

(530) 694-2281

[www.alpinecounty.ca.gov](http://www.alpinecounty.ca.gov)

## **Amador**

(209) 223-6465

## **Butte**

(800) 538-7761 (Butte only)

(530) 538-6366

<http://clerk-recorder.buttecounty.net>

## **Calaveras**

(209) 754-6376

[www.co.calaveras.ca.us/departments/recorder.html](http://www.co.calaveras.ca.us/departments/recorder.html)

## **Colusa**

(530) 458-0500

[www.colusacountyclerk.com](http://www.colusacountyclerk.com)

## **Contra Costa**

(925) 335-7800

[www.cocovote.us](http://www.cocovote.us)

## **Del Norte**

(707) 464-7216

(707) 465-0383

[www.co.del-norte.ca.us](http://www.co.del-norte.ca.us)

## **El Dorado**

(530) 621-7480

[www.co.el-dorado.ca.us/elections](http://www.co.el-dorado.ca.us/elections)

## **Fresno**

(559) 600-8683

[www.co.fresno.ca.us](http://www.co.fresno.ca.us)

**Glenn**

(530) 934-6414

[www.countyofglenn.net/Elections](http://www.countyofglenn.net/Elections)

**Humboldt**

(707) 445-7481

[www.co.humboldt.ca.us/election](http://www.co.humboldt.ca.us/election)

**Imperial**

(760) 482-4226

[www.imperialcounty.net/Election](http://www.imperialcounty.net/Election)

**Inyo**

(760) 878-0224

[www.countyofinyo.org](http://www.countyofinyo.org)

**Kern**

(661) 868-3590

[www.co.kern.ca.us/elections/](http://www.co.kern.ca.us/elections/)

**Kings**

(559) 582-3211 Ext. 4401

[www.countyofkings.com](http://www.countyofkings.com)

**Lake**

(707) 263-2372

[www.co.lake.ca.us](http://www.co.lake.ca.us)

**Lassen**

(530) 251-8217

<http://clerk.lassencounty.org/registrar.htm>

**Los Angeles**

1-800-815-2666  
(562) 466-1310 (LA lamang)  
[www.lavote.net](http://www.lavote.net)

**Madera**

(559) 675-7720  
[www.madera-county.com](http://www.madera-county.com)

**Marin**

(415) 473-6456  
<http://co.marin.ca.us/depts/RV/main/index.cfm>

**Mariposa**

(209) 966-2007  
[www.mariposacounty.org](http://www.mariposacounty.org)

**Mendocino**

(707) 463-4371  
[www.co.mendocino.ca.us/acr](http://www.co.mendocino.ca.us/acr)

**Merced**

(209) 385-7541  
[www.co.merced.ca.us/elections/index.html](http://www.co.merced.ca.us/elections/index.html)

**Modoc**

(530) 233-6205

**Mono**

(760) 932-5537  
[www.monocounty.ca.gov](http://www.monocounty.ca.gov)

**Monterey**

(831) 796-1499  
<http://montereycountyelections.us>

**Napa**

(707) 253-4321  
[www.co.napa.ca.us/gov/Departments](http://www.co.napa.ca.us/gov/Departments)

**Nevada**

(530) 265-1298

<http://new.mynevadacounty.com/elections>

**Orange**

(714) 567-7600

[www.ocvote.com](http://www.ocvote.com)

**Placer**

(530) 886-5650

[www.placer.ca.gov/recorder/elections.aspx](http://www.placer.ca.gov/recorder/elections.aspx)

**Plumas**

(530) 283-6256

[www.countyofplumas.com/clerkrecorder/elections](http://www.countyofplumas.com/clerkrecorder/elections)

**Riverside**

(951) 486-7200

[www.voteinfo.net](http://www.voteinfo.net)

**Sacramento**

(916) 875-6451

[www.elections.saccounty.net](http://www.elections.saccounty.net)

**San Benito**

(831) 636-4016

[www.sanbenitocountyelections.us](http://www.sanbenitocountyelections.us)

**San Bernardino**

(909) 387-8300

[www.sbcrov.com](http://www.sbcrov.com)

**San Diego**

(800) 696-0136

(858) 565-5800

[www.sdvote.com](http://www.sdvote.com)

**San Francisco**

(415) 554-4375

[www.sfgov.org/election](http://www.sfgov.org/election)

**San Joaquin**

(209) 468-2885

[www.sjcrov.org](http://www.sjcrov.org)

**San Luis Obispo**

(805) 781-5228

[www.slocounty.ca.gov/clerk](http://www.slocounty.ca.gov/clerk)

**San Mateo**

(650) 312-5222

[www.shapethefuture.org/voters/default.asp](http://www.shapethefuture.org/voters/default.asp)

**Santa Barbara**

South County: (805) 568-2200

North County: (805) 346-8374

[www.sbcvote.com](http://www.sbcvote.com)

**Santa Clara**

(408) 299-8683

[www.sccvote.org](http://www.sccvote.org)

**Santa Cruz**

(831) 454-2060

[www.votescount.com](http://www.votescount.com)

**Shasta**

(530) 225-5730

[www.co.shasta.ca.us/departments/countyclerkregistrarofvoters/index.shtml](http://www.co.shasta.ca.us/departments/countyclerkregistrarofvoters/index.shtml)

**Sierra**

(530) 289-3295

[www.sierracounty.ws](http://www.sierracounty.ws)

**Siskiyou**

(530) 842-8084

[www.co.siskiyou.ca.us/clerk/elections/elections.htm](http://www.co.siskiyou.ca.us/clerk/elections/elections.htm)

**Solano**

(707) 784-6675

[www.solanocounty.com/elections](http://www.solanocounty.com/elections)

**Sonoma**

(707) 565-6800

[www.sonoma-county.org/regvoter/index.htm](http://www.sonoma-county.org/regvoter/index.htm)

**Stanislaus**

(209) 525-5200

<http://stanvote.com>

**Sutter**

(530) 822-7122

[www.sutter.us/doc/government/depts/cr/elections/cr\\_elections\\_home](http://www.sutter.us/doc/government/depts/cr/elections/cr_elections_home)

**Tehama**

(530) 527-8190

[www.co.tehema.ca.us](http://www.co.tehema.ca.us)

**Trinity**

(530) 623-1220

[www.trinitycounty.org/elections](http://www.trinitycounty.org/elections)

**Tulare**

(559) 624-7300

[www.tularecoelections.org/](http://www.tularecoelections.org/)

**Tuolumne**

(209) 533-5570

[www.tuolumnecounty.ca.gov](http://www.tuolumnecounty.ca.gov)

**Ventura**

(805) 654-2781

<http://recorder.countyofventura.org/elections.htm>

**Yolo**

(530) 666-8133

[www.yoloelections.org/](http://www.yoloelections.org/)

**Yuba**

(530) 749-7855

<http://elections.co.yuba.ca.us>

Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin!

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

*Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>*

.